

Pagtutulong sa inyong anak sa pagbilang Para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga batang pumapasok sa Kindergarten hanggang Year 3

Mga Nilalaman

- Gawing madali ang pagbilang
- Dalhin ang pagbilang sa buhay, tahanan at sa labas
- Mga laro
- Pagkakaroon ng kompiyansa
- Pagkakaroon ng kasanayan sa pagbilang
- Kung gusto ninyo ang lalong maraming magawa
- Mga mahuhusay na babasahing aklat

Ang bawat araw ay puno ng mga pagkakataon para matulungan ang inyong anak sa pag-aaral ng pagbilang. Hindi kinakailangang kayo ay magaling din sa pagbilang. Ito ay maaaring madali at kawili-wiling gawin.

Ang libritong ito ay nagpapakita kung paano ninyo gawin na ang pang-araw-araw na gawain – katulad ng pagluluto, paglilinis at paghahalaman - ay mga pagkakataon din upang matulungan ang inyong anak sa pag-aaral ng pagbilang.

Ang suportang ibinibigay ng mga magulang ay maaaring makapagpasulong sa pag-aaral ng inyong anak ng pagbilang - mula sa kanilang pagkakatakot papuntang sa pagkakagusto. Maaari kayong maging napakahalagang tulong sa pag-aaral ng pagbilang ng inyong anak.

Gawing madaling matutuhan ang pagbilang

Ginagamit natin ang pagbilang sa maraming gawain bawat araw, kaya maaari ninyong simulan ngayon ang pag-aaral ng inyong anak. Tandaan ang mga hiwatig (tips) na ito:

- Sabihin ang inyong iniisip upang alaman nito ng inyong anak. Halimbawa: *Mayroon kaya tayong sapat na tinapay? Bilangin natin upang makatiyak.*
- Gawin itong kawili-wili. Halimbawa: Habang kayo ay naglalakbay sabihin sa mga bata na, *Ituro ang mga numero ng kotse na may numero 8, ipakita sa inyong anak kung paano gumamamit ng iskwala sa paggawa ng kanto sa tabla.*
- Tandaan na hindi kinakailangang nag-aaral sa lahat ng oras. Ang magandang pamaraan sa pag-aaral ay gawin itong “maliit ngunit palagi.” Kahit ilang minuto lamang ang gugugulin bawat araw ay nakakatulong din.
- Magiliw na purihin ang inyong anak sa kanilang pagsubok sa pagbibilang, kahit na sila ay may kamali sa pagsagot. Makakatulong ito sa pagkakaroon nila ng kompiyansa sa sarili.

Bigyang buhay ang pagbibilang sa loob at labas ng bahay

Sa loob ng bahay

- pagluluto (bilangin ang mga patatas para sa lahat; sukatin ang mga sangkap sa pagluto)
- paglalaba (paghiwalayin ng mga damit; paresan ang mga medyas)
- paglilinis (pag-usapan ang tungkol sa mga posisyong katulad ng *ibabaw, ilalim, loob, kanan kaliwa, sa harap, sa likod*)
- pamamahagi ng pagkain (gayakin ang sandwich/prutas sa kalahati at sabihing, "*Hinati ko na ito sa dalawang pedaso – kalahati sa iyo at kalahati sa akin*")
- oras ng paliligo (alamin kung ilang baso ng tubig ang makakapuno ng isang pitsel na plastic)
- ituro ang mga ibat-ibang hubog ng mga bagay sa bahay, hal: *Itong alpumbra ay hubog itlog, ang bola ay pabilog.*
- pag-usapan ang oras (ang simulang oras ng paboritong programa sa TV para sa maliliit na bata o kwentahin kung gaano katagal ang isang programa para sa mga nakakatandang bata); isulat ang mga iskedyul (araw at oras) ng mga palaro sa kalendaryo.

Sa halamanan

- bilangin at paglalayuon ang mga pinatubong buto
- pag-usapan ang tungkol sa kataas ng mga halaman
- tantiyahin kung ilang kamatis ang maaani
- pag-usapan kung gaano karami ang kailangang gayami upang matakloban ang buong halamanan

Sa inyong kapitbahayan

- ituro ang mga numero ng bahay – pag-usapan kung sila ay may butal (odd) o may pares (even)
- bilangin ang mga bahay na nasa inyong kalsada
- pag-usapan ang tungkol sa hubog ng mga bagay, katulad ng mga karatula sa daan (ang 'give-way sign' ay trianggulo/tatsulok)
- magbigay ng direksyon papuntang bahay ng isang kaibigan o sa tindahan

Sa kotse

- magbilang ng mga kotse; halimbawa, sabihing, "*Bilangin natin ang lahat na kotseng pula*"
- magbigay at sumunod ng mga tagubiling katulad ng *pakanan, pakaliwa, hilaga, timog, silangan at kanluran*
- ipakita sa inyong anak kung paano magbasa ng mga mapa sa direktoryo ng mga daan sa pamamagitan ng mga patnubay na numero at letra.

Pamimili

- bilangin ang mga bagay na ilagay sa karatilla
- ituro ang mga may mga hubog na 3D at kung ano ang tawag nitong hubog (Halimbawa: *Ang latang ito ay hubog silindro/parang tubo*)
- pag-usapan ang tungkol sa pera, mga barya at papel de banko
- pag-usapan tungkol sa pag-iipon ng pera para sa isang natatanging paggagamitan
- kwentahin kung ilan ang kailangan (halimbawa: ang 5 tao ay kakain ng tig-tatlong longganisa)

Mga kawili-wiling laro

Piko (Hotchpotch): Mahusay sa pag-aaral ng numero at pagkaroon ng ehersisyo!

Pagtapik sa Lobo (Balloon taps): bilangin kung ilang beses na pagpasapasahang matapik ninyo ang isang lobo na hindi ito babagsak sa lupa. Simulan muli, kung bumagsak ang lubo sa lupa.

Domino: bilangin at parehasan ang mga tuldok.

Maghalughug at mahanap (Search and find): magbigay ng mga direksyon o posisyon bilang mga palatandaan sa paghanap ng isang bagay, katulad ng: *Tingnan sa ibaba ng....., Nasa loob ng, Tumingin sa likud ng.....*

Mga larong nasa mesa (hal. ahedres, dama (Board games): Nakakatulong sa inyong anak na magbilang at magtandaan ng mga puntos.

Scavenger hunt: Gagawa ng listahan ng mga bagay na hahanapin ang inyong anak sa palibot ng inyong bahay o bakuran. Halimbawa: 3 bunga ng palmera, 4 na dahong kulay kape, 1 pulang dahon, 5 pangipit ng damit, 2 pulang ladrilyo, 1 kabibe, etc.

Paghahap ng nakatagong kayamanan: Ito ay nakakatulong sa mga bata sa pag-aaral ng tungkol sa direksyon at posisyon. Isulat ang mga direksyon para ng inyong anak ay magkakaroon ng isang palatandaan na nagsasabi kung saan tingnan para sa susunod na palatandaan, patuloy hanggang ang kayamanan (treasure) ay makita. Halimbawa: *tingnan sa **ibaba** ng inyong unan; tingnan sa **likud** ng pintuan sa kusina; tingnan sa **itaas** ng TV; tingnan sa **loob** ng makinang panlaba.*

Mga larong dais (Dice games): Gumamit ng dalawang dais upang makatulong sa inyong anak na mabilis na pagsamasamahin ang mga maliliit na bilang.

Paghahanap ng numero sa plaka ng sasakyan: *Maghanap ng isang plaka ng sasakyan na may numerong 1; Maghanap ng plakang may 2; pagkatapos 3 at iba pa.* Gawin itong lalong masaya para sa mga nakakatandang bata sa pamamagitan ng pagdagdag ng dalawang numero sa plaka upang makakuha ng numerong lalong malaki sa 9; o sumahin ang lahat na numero; o paghiwalayin ang mga pinakamaliit na numero sa mga pinakamalaking numero.

Misteryosong numero (Mystery number): Mag-isip ng isang numero. Sabihin sa inyong anak kung ano ito habang nagbibigay kayo ng mga pahiwatig. Maaaring sabihin, "*Ang aking numero ay lalong malaki sa 10 ngunit kulang sa 19. Ito ay isang pares na numero. Kung minsan ito ay tinatawag na isang dosena*".

Numberplates (abante): Tingnan ang mga numero ng isang plaka ng kotse, halimbawa: 5, 3, 7. Magtanong ng: *Ano ang mga numerong ito? (limang daan at tatloput pito); Ano ang pinakamalaking numero kapag pagsamasamahin ang mga numerong ito? (pitong daan at limamput tatlo); Ano ang pinakamaliit? (tatlong daan at limamput-pito); Kaya ba ninyong sumahin ito?*

Number detective: Isulat sa isang papel ang ilang numero katulad ng 12, 15, 10, 14, 26, 11, 17, 21, 5 at sabihing: *Ang di-nagkasalang numero ay mahigit na 12 (markahan ng ekis ang numero 12 at mga iba pang mas mababa: 12, 10, 11, 5); ang di-nagkasalang numero ay may butal (odd) (markahan ng ekis ang mga*

nalalabing numero na may butal: 17, 21); *ang di-nagkasalang numero ay pares* (even) (markahan ng ekis ang mga numerong nalalabi na pares: 14, 26); *ang di-nagkasalang numero ay hindi nababahagi sa 5* (markahan ng ekis sa 17 at 21). *Ano ang nagkasalang numero?* (Sagot: 15).

Pagkakaroon ng kompiyensa

Mahalagang purihin ang inyong anak habang ito ay nag-aaral ng pagbilang. Kahit na magkakamali basta sila ay sumusubok na sumagot, ito ay magandang nangyayari.

Ang mga bata ay maaaring mawalan ng kompiyensa kung sila ay nahhirapan sa pagbilang. Ipaalala sa kanila na ang ibang mga gawain katulad ng pagbisikleta, pagluksong-lubid at iba paglalaro ay nangangailangan din ng maraming pagsasanay. *“Kung sanay na tayo sa paggawa ng isang bagay, lalo tayong magaganahan sa paggawa nito”.*

- Kung ang inyong anak ay di-alam ang sagot, bigyan ninyo siya ng panahon upang pag-aralan niya nito. Magbigay ng mga pamaraan at hiwatig. Hikayating subok-subukan lang niyang sagutin.
- Purihin ang lahat ng mga pagsubok na ginawa kahit nagkakamali siya. Bigyan siya ng sapat na panahon upang makasagot siya ng tama. Kung kayo ang sumagot, pag-usapan kung paano ninyo nakuha ang sagot.
- Sabihin sa ibang kapamilya at kaibigan tungkol sa napag-aralan o nagawa ng inyong anak . Ang mga lolo at lola, mga nakakatandang kapatid at mga kaibigan ay maaaring makatulong sa paghihikayat at mamuri sa inyong anak.
- Kumuha ng mga litrato ng inyong anak habang tinutulungan kayo. Panuurin ang mga ito at pag-usapan ang mga napag-aralan nilang pagbibilang, katulad ng pagbubukod-bukod at pagtitimbang sa mga bagay.

Pagkakaroon ng mga kasanayan sa pagbilang

Tulongan ang inyong anak sa pamamagitan ng:

- Pagkanta ninyong dalawa ng mga ritmo na magkakasunod ang mga numero, halimbawa “ *“One, two, three, four, five –I caught a fish alive”*; “*One, two - buckle my shoe*”; “*Five little ducks*”; “*Ten green bottles*”
- Paghingi ng tulong sa pagbilang ng mga bagay. Halimbawa, “*Bigyan mo ako ng apat na plato o Bilangin natin ang mga mansanas*”.
- Paglalaro kung saan iisipin nila kung ano ang nawawala mula sa isang maliit na pulutong. Halimbawa, maglabas ng limang saging, tagluban ang isa at saka tanungin, *Ilan ang nawawala?*

Habang gumagaling ang inyong anak:

- Magpatulong kayo sa pagbilang sa pamamagitan ng pagtanong kung tama na ang bilang ng inyong kinakailangang bagay, ang inyong anak ay dapat magbilang upang makatiyak ng tamang sagot.
- Maglaro kung saan ang inyong anak ay magsasabi sa inyo kung ilan ang bilang kahit hindi siya magbilang. Halimbawa, kaagad itaas ang ilang daliri ng dalawang kamay at saka itanong: *Ilan ang daliring nakataas sa bawat kamay? o Ilang mga daliri sa lahat?*

Sa kalaunan:

- Magkasamang magbasa ng katalogo at saka tanungin sa inyong anak na tulongan kayong kuwentahin kung sapat ang pera ninyo upang makabili ng ilang mga bagay.
- Maglaro ng mga laruan kung saan ang mga bata ay nagpupustahan ng mga malalaking halaga ng laruang pera.
- Sabihin sa kanya ang mga sitwasyon na maaaring magamit ang kanyang kakayahan sa multiplikasyon. Halimbawa, *Kung bawat miyembro ng pamilya ay kakain ng tatlong longganisa, ilan ang kailangang bilhin?*

Kung gusto ninyo ng mga dagdag na gawain ...

Regular na pag-uusapan sa kanyang guro ang pag-uunlad ng inyong anak sa pag-aaral ng pagbilang at tandaan na purihin ang bawat nagawa at nakamit.

Ano kung nagsasalita ng ibang wika ang akmaing anak?

Kung ang inyong anak ay nag-aaral ng Ingles bilang pangalawang wika, suportahan sila sa kanilang una at ikalawang wika. Pag-usapan ninyo ng inyong anak ang tungkol sa pagbilang sa unang wika upang maiwasan ang di-pagkakaintindihan. Kung ang inyong anak ay nag-aaral ng Ingles, kinakailangan ang aktibong pakikinig. Sa ganitong paraan naiintindihan niya ang inyong pinag-uusapan dahil nakikita at ginagawa nila ito - hindi lamang napapakinggan.

Ano kung may kapansanan ang aking anak?

Ang pagtulong sa inyong anak sa bahay ay nakakatulong sa madali niyang pag-iintindi, mapahusay ang kaniyang kakayahan, magkaroon ng kompiyansa at lalong mawiwili sa pag-aaral. May mga batang madaling nakakaintindi ng pagbilang kahit na nahihirapan sila sa wika. Ang mga programang katulong ng kompyuter ay nakakatulong din sa ilang mga bata. Regular ninyong bisitahin ang guro at alamin kung ano ang sakop ng programa sa pag-aaral ng inyong anak.

Mga magagandang basahing aklat

Habang nagbabasa ng malakas, itanong sa inyong anak: *Sino ang ikalawang taong dumating? Ilang tao ang may buhok na kulay kape? Pag-usapan ang pagkalagay ng mga bagay sa pahina. Ano ang nilalaman ng paliguan? Gamitin din ang mga salitang: sa loob, sa labas, sa itaas at sa ibaba.*

One is a Snail, Ten is a Crab nina April Pulley Sayre at Jeff Sayre

Edward the Emu, nina Knowles Sheena at Rod Clement

Rosie's Walk, ni Pat Hutchins

Fifteen Pigs on a Pirate Ship, nina P. Edwards at G. Parkin

The Very Hungry Caterpillar, ni Eric Carle

The Australian 1, 2, 3 of Animals, ni Bronwyn Bancroft

The Doorbell Rang, ni Pat Hutchins

Ten Apples Up On Top! ni Dr Seuss

Counting on Frank, ni Rod Clement

Mr Archimedes' Bath, ni Pamela Allen